# PABATID SA MGA BOTANTE NG PETSA KUNG KAILAN WALANG ARGUMENTO PARA SA O LABAN SA ISANG PANUKALANG-BATAS NG LUNGSOD ANG MAAARING ISUMITE SA KLERK NG LUNGSOD

IBINIBIGAY ANG PABATID na ang isang Pangkalahatang Pangmunisipyong Eleksyon (*General Municipal Election*) ay gaganapin sa Lungsod ng Chula Vista sa Martes, Nobyembre 5, 2024, kung saan isusumite sa mga botante ang sumusunod na panukalang-batas:

| | |
|---|---|
| Dapat bang pagtibayin ang panukala na ipagpatuloy ang pagpopondo sa mga serbisyo ng Lungsod ng Chula Vista kabilang ang pag-aayos ng mga lubak; pagpapanatiling ligtas, malinis, maayos ang mga kalye, bangketa, imprastraktura, parke, mga pampublikong pasilidad; pag-aayos ng mga lumang paagusan ng tubig-ulan (*storm drain*); pamamahala ng pagsisikip ng trapiko; at pagtanggal ng mga basura/graffiti sa mga pampublikong espasyo, sa pamamagitan ng pagpapanumbalik ng kalahating sentimo na mga transaksyon at buwis sa paggamit (*use tax*) ng Lungsod ng Chula Vista sa kasalukuyang rate (walang pagtaas), pagpapatuloy ng tinatayang $37,000,000 taun-taon para sa pangkalahatang paggamit ng pamahalaan sa loob ng 10 taon, na may pagbabantay ng mamamayan, mga independiyenteng pag-audit, at lahat ng pera ay kontrolado ng lokal? | OO |
| | HINDI |

IBINIBIGAY PA ANG PABATID na, alinsunod sa Artikulo 4, Kabanata 3, Dibisyon 9 ng Elections Code ng Estado ng California, at Municipal Code ng Chula Vista seksyon 2.25.150, ang Konseho ng Lungsod, o sinumang miyembro o mga miyembro nito na pinahintulutan ng Konseho ng Lungsod, o sinumang indibidwal na botante o tunay (*bona fide*) na asosasyon ng mamamayan, o anumang kombinasyon ng mga botante at asosasyon, ay maaaring maghain ng nakasulat na argumento, hindi lalampas sa 300 salita ang haba, na sinamahan ng nakalimbag na (mga) pangalan at (mga) lagda ng (mga) may-akda na nagsusumite nito, o kung isinumite sa ngalan ng isang organisasyon, ang pangalan ng organisasyon, at ang nakalimbag na pangalan at pirma ng hindi bababa sa isa sa mga punong opisyal nito na siyang may-akda ng argumento, para sa o laban sa panukalang-batas ng Lungsod.

IBINIBIGAY PA ANG PABATID na, batay sa makatwirang oras na kinakailangan upang ihanda at i-print ang mga argumento at Gabay sa Impormasyon ng Botante (*Voter Information Guide*) para sa eleksyon, itinakda ng Klerk ng Lungsod ang **Huwebes, Agosto 15, 2024**, sa karaniwang oras ng opisina gaya ng naka-post, bilang petsa kung kailan walang argumento para sa o laban sa panukalang-batas ng Lungsod ang maaaring isumite sa Klerk ng Lungsod para sa pag-imprenta at pamamahagi sa mga botante tulad ng nakasaad sa Artikulo 4. Dapat isumite ang mga argumento sa Klerk ng Lungsod, na sinamahan ng nakalimbag na (mga) pangalan at (mga) lagda ng (mga) may-akda na nagsumite nito, o kung isinumite sa ngalan ng isang organisasyon, ang pangalan ng organisasyon at ang nakalimbag na pangalan at pirma ng hindi bababa sa isa sa mga punong opisyal nito na siyang may-akda ng argumento sa Office of the City Clerk, 276 4th Ave., Chula Vista, California. Maaaring baguhin ang mga argumento o bawiin hanggang at kasama ang petsa na itinakda ng Klerk ng Lungsod.

IBINIBIGAY PA ANG PABATID na nagpasiya ang Konseho ng Lungsod na ang mga sagot sa/kontra argumento (*rebuttal arguments*), na hindi lalampas sa 250 salita ang haba, gaya ng isinumite ng mga may-akda ng pagtutol sa mga direktang argumento, ay maaaring ihain sa Klerk ng Lungsod nang hindi lalampas sa **Martes, Agosto 20, 2024**, sa karaniwang oras ng opisina gaya ng naka-post, na sinamahan ng nakalimbag na (mga) pangalan at (mga) lagda ng (mga) may-akda na nagsumite nito, o kung isinumite sa ngalan ng isang organisasyon, ang pangalan ng organisasyon at ang nakalimbag na pangalan at pirma ng hindi bababa sa isa sa mga punong opisyal nito na siyang may-akda ng argumento.

IBINIBIGAY PA ANG PABATID na anumang ordinansa, panukalang-batas, patas na pagsusuri, o direktang argumento na inihain sa ilalim ng kapangyarihan ng elections code ay magiging available para sa pagsusuri ng publiko sa opisina ng Klerk ng Lungsod nang hindi bababa sa 10 araw ng kalendaryo mula sa kaukulang mga huling araw o oras para sa paghahain ng mga materyales na iyon. Ang anumang sagot sa/kontra argumento (*rebuttal argument*) na inihain sa ilalim ng elections code ay magiging available para sa pagsusuri ng publiko sa opisina ng Klerk ng Lungsod nang hindi bababa sa 10 araw ng kalendaryo mula sa huling araw o oras para sa paghahain ng mga sagot sa/kontra argumento.

______________________________

Kerry K. Bigelow, MMC, Klerk ng Lungsod
Lungsod ng Chula Vista, California
Pinetsahan: Hulyo 10, 2024